Alameda County Health Care Services Agency
Public Health Department

Colleen Chawla, Director
Kimi Watkins-Tartt, Director
Nicholas Moss, MD, Interim Health Officer

# GABAY SA MULING PAGBUBUKAS SA PANAHON NG COVID-19 PARA SA MGA LUGAR NG PAGSAMBA

INI-UPDATE NOONG OKTUBRE 22, 2020

## LAYUNIN NG DOKUMENTONG ITO

Upang magkaloob ng pangkalahatang gabay at pinakamahuhusay na gawain para sa ligtas na muling pagbubukas. Makipag-ugnay sa COVIDRecovery@acgov.org kung mayroon kang mga katanungan o nangangailangan ng teknikal na tulong. Para sa mga mapagkukunan para sa negosyo, bumisita sa https://covid-19.acgov.org/recovery.page.

TANDAAN: Ang Plano ng Muling Pagbubukas ng County ng Alameda ay kahanay ng Plano ng Estado para mas Ligtas na Ekonomiya, ngunit magkakaroon ng mga lugar kung saan ang County ng Alameda ay mas may limitasyon kaysa sa Estado. Mananaig ang gabay na mas nagbibigay ng restriksyon.

## MGA PAMANTAYANG INIAATAS

1. Ihanda at ipatupad ang Plano ng Proteksyon sa Espesipikong Lugar sa Panahon ng COVID-19 batay sa lokal at pang-Estadong gabay para sa espesipikong industriya
2. Sanayin ang mga empleyado sa pag-iwas sa COVID-19, pagsisiyasat ng sintomas, mga pantakip sa mukha, at kahalagahan ng pisikal na pagdidistansya at madalas na paghuhugas ng kamay
3. Ipatupad ang pagsisiyasat ng sintomas para sa lahat ng empleyado at huwag pahintulutan ang mga impleyadong may mga sintomas na pumasok sa trabaho
4. Bumuo ng mga protokol sa paglilinis at pagdi-disinfect
5. Magtakda ng mga patnubay sa pisikal na pagdidistansya
6. Tiyakin ang pagsunod sa Utos sa Pantakip sa Mukha ng County ng Alameda ng lahat ng taong nasa iyong lugar na pinagnenegosyohan (mga customer, empleyado, supplier, atbp)
7. Sumunod sa gabay na inilabas sa Plano ng California para mas Ligtas na Ekonomiya, lahat ng Utos ng Lokal na Opisyal ng Kalusugan, at mga naaangkop na probisyon ng pederal na pamahalaan, California, at lokal na pamahalaan para sa may bayad na sick leave (pagliban sa trabaho kapag may sakit) para mga indibidwal na hindi ligtas na makakapagtrabaho para sa mga dahilang nauugnay sa pandemyang COVID-19.

- Ang anumang mga lugar ng pagsamba na nangangasiwa sa mga serbisyong pangkonggregasyon alinsunod sa mga patnubay na ito ay lubos na hinihikayat na patuloy na magkaloob ng virtual/remote na pag-aalay na hindi nangangailangan sa mga sumasamba o bumibisita sa magtipun-tipon nang personal.
- Ang mga panrelihiyong serbisyo o seremonyang pangkultura sa labasan ay maaaring mapangasiwaan sa paraang first come first serve (unang pauunlakan ang unang dumating) na hindi lalampas ng 100 tao, o 25% ng pinakamalaking kapasidad ng pinakamalaking kapasidad sa bukas na espasyo, alinman ang mas kaunti. Ang limit na ito ay naaangkop sa kabila ng Seksyon 7 ng Utos ng Pananatili sa Sinisilungan.
  - Pisikal na pagdidistansya ng anim na talampakan ay dapat mapanatili sa pagitan ng mga indibidwal at/o sambahayan, at mga sumasamba ay dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha maliban kung may iksemsyong gawin ito alinsunod sa Utos sa Pantakip sa Mukha.
  - Lubos na inirerekomenda ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng Alameda na ang mga serbisyong isinasagawa sa labas ay malimitahan ng 25 tao o mas kaunti pa, kung posible.
- Ang mga panrelihiyong serbisyo o seremonyang pangkultura sa loob ng pasilidad ay maaaring mapangasiwaan sa paraang first come first serve (unang pauunlakan ang unang dumating) na hindi lalampas ng 100 tao, o 25% ng pinakamalaking kapasidad ng pasilidad, alinman ang mas kaunti.
  - Pisikal na pagdidistansya ng anim na talampakan ay dapat mapanatili sa pagitan ng mga indibidwal at/o sambahayan, at mga sumasamba ay dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha maliban kung may iksemsyong gawin ito alinsunod sa Utos sa Pantakip sa Mukha.
  - Ang mga indibidwal na lugar ng pagsamba ay maaaring magtakda ng mga limit na mas kaunting pag-okupa kung ninanais.
  - Lubos na inirerekomenda ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng Alameda na ang mga serbisyong isinasagawa sa loob ng pasilidad ay malimitahan ng 25 tao o mas kaunti pa, kung posible.
- Ang personal na mga serbisyong panrelihiyon at seremonyang pangkultura ay maaaring kabilangan ng napalawig na paglapit, na nagdadagdag ng panganib ng pagkakahawa ng COVID-19 sa mga kaganapang ito. Dahil dito, inirerekomenda na isaalang-alang ng mga tagapag-organisa ng kaganapan ang pagpapanatili ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga dumadalo sa mga serbisyo o seremonya at panatilihin ang impormasyong ito ng tagapag-organisa ng serbisyo ng hindi bababa sa 21 araw.
- Ang maliliit na pagtitipon na panrelihiyon na nagtitipun-tipon sa mga grupong hanggang tatlong (3) sambahayan, gaya ng inilalarawan sa Seksyon 7 ng Utos ng Pananatili sa Sinisilungan nang may mga tamang pag-iingat kabilang ang pisikal na pagdidistansya, mga pantakip sa mukha, at tamang kalinisan ng kamay.
- Pagkalooban ang mga pagpupulong na ginagamitan ng sasakyan ng mga tamang pag-iingat kabilang ang mga pantakip sa mukha kapag nakabukas ang mga bintana at pinagsasama ang mga pasaherong nasa parehong sambahayan sa parehong sasakyan. Tingnan ang gabay para sa ginagamitan ng sasakyan.

- Magtakda ng mga protokol para sa madalas na paglilinis at pagdi-disinfect ng mga karaniwang ginagamit na ibabaw (hal. mga pulpito at gamit sa mga pulpito, mikropono, hawakan ng pinto at barandilya) at mga madalas na nadadaanang lugar gaya ng mga lobby, pasilyo, at kapilya.
- Huwag hikayatin ang paggamit ng mga magkasamang ginagamit na bagay gaya ng mga aklat na dasalan, aklat ng mga awit, prayer rug, at mga lalagyan para sa pag-aalay, etc. Sa alternatibong paraan, tiyakin na ang mga gamit ay hinahawakan lamang ng isang indibidwal o sambahayan sa panahon ng serbisyo, at inillayo ng 1-3 araw bago ang susunod na paggamit.
    - Kung mayroon, gumamit ng aplikasyong ginagamitan ng teknolohiya para ipakita ang kasulatan at pagkolekta ng mga iniaalay (hal. Venmo, CashApp, atbp.)
- Gumamit ng tape at/o karatula upang isaayos ang upuan at isara ang mga hanay upang gabayan ang sumasamba at bumibisitang umupo ng hindi bababa sa anim na talampakan. Ipadirekta sa miyembro ng mga tauhan o boluntaryo ang daloy ng pagdaan upang ayusin ang pagkakaupo.
- Itigil ang pagbibigay ng pagkain at inumin, partikular na ang mga istilo ng sariling pagsisilbi at/o potluck at pampamilya. Lubos na hindi hinihikayat ang pagkakaloob ng pagkain at mga inumin, ngunit kung nagsisilbi, gumamit ng mga lalagyang isang beses lamang gagamitin at maitatapon at tiyakin na ang mga indibidwal na nagsisilbi ng pagkain ay madalas na hinuhugasan ang kanilang mga kamay at nagsusuot ng mga guwantes at mga pantakip sa mukha.
- Pagkanta, pag-awit, at iba lang aktibidad ng palabigkasan ng grupo ay hindi hinihikayat, ngunit pinahihintulutan kung gagamit ng mga pantakip sa mukha at pisikal na pagdidistansya ng anim na talampakan.
    - Inirerekomenda ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng Alameda ang pinakamaliit na 8 talampakang distansya sa pagitan ng lahat ng musikero at dumadali kung walang suot na pantakip sa mukha habang gumagamit ng mga instrumentong hinihipan/brass.

## MGA RITWAL NA SEREMONYA (MGA SERBISYO NG PUNERARYA, KASAL, BINYAG, BRIS, ATBP.)

- Isaalang-alang ang pagbawas sa kapasidad ng bumibisita at/o ikalat ang mga oras ng pagbisita para sa mga ritwal na seremonya.
- Ang mga serbisyo ng punerarya ay maaaring mapangasiwaan sa loob ng pasilidad na may hanggang <u>100 tao, o 25% ng pinakamalaking kapasidad ng pasilidad, alinman ang mas kaunti.</u>
    - Dapat mapanatili ang pisikal na pagdidistansya ng anim na talampakan at mga pantakip sa mukha.
    - Hindi pahihintulutan ang pagkain at inumin.
    - Inirerekomenda ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng Alameda na maisagawa sa labasan ang mga serbsiyo na dadaluhan ng 25 tao o mas kaunti pa, kung posible.
- Ipatupad ang mga binagong panrelihiyon o pangkulturang gawain kapag hinuhugasan o binibihisan ang mga katawan ng mga pumanaw dahil sa COVID-19 nang alinsunod sa mga patnubay ng CDC.
- Ang mga serbisyo ng kasal ay maaaring mapangasiwaan sa loob ng pasilidad na may hanggang <u>100 tao, o 25% ng pinakamalaking kapasidad ng pasilidad, alinman ang mas kaunti.</u> Ang mga reception/party ng kasal (pagkain at inumin) <u>ay hindi</u> pinahihintulutan sa pagkakataong ito.
    - Dapat mapanatili ang pisikal na pagdidistansya ng anim na talampakan at mga pantakip sa mukha.

    - Inirerekomenda ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng Alameda na maisagawa sa labasan ang mga serbsiyo na dadaluhan ng 25 tao o mas kaunti pa, kung posible.
- Irekomenda lamang ang espiritwal na komunyon, dahil malaki ang panganib ng direktang pagbibigay ng komunyon. Para sa mga lugar ng pagsamba na magpapasyang magsagawa ng mga ritwal sa komunyon/sakramento, ipinapayong isagawa ang ritwal na ito sa katapusan ng serbisyo. Siguraduhin na ang lahat ay nagsusuot ng mga pantakip sa mukha at gumagamit ng hand sanitizer sa pagitan ng mga indibidwal na tumatanggap ng komunyon.
- Ang mga sumasamba ay dapat mabinyagan sa sarili nilang pananamit upang maiwasan ang paggamit ng mga gown na pambinyag na ginamit ng iba. Ang mga manggagawa sa pagbibinyag ay dapat magsuot ng pumuprotektang kasuotan (hal. mga guwantes, salamin sa mata, at mga pantakip sa mukha) at ang mga binibinyagan ay dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha at magpanatili ng pisikal na pagdidistansya. Ang mga tubig na pambinyag ay dapat regular na suriin at i-disinfect. Hindi pinahihintulutan ang pagkain at inumin.
- Ang mga Misang Pangkatoliko ay nagrerekomenda sa nangangasiwang pari o ministro na manatiling nakalayo ng mahigit anim na talampakan mula sa konggregasyon sa panahon ng buong Misa para hindi gumamit ng mask o mga guwantes habang nangangasiwa. Baguhin ang mga prusisyon at pagtatalaga sa ibang mga tauhan upang matiyak ang ligtas na pisikal na pagdidistansyang hindi bababa sa anim na talampakan.
- Sa paghahanda para sa mga serbisyo ng pagdadasal, paghuhugas/wudu (paghuhugas ng sariling mga kamay, bibig, ilong, atbp.) ay dapat isagawa sa tahanan, kung maaari,.

## MGA SERBISYO PARA SA MGA BATA AT KABATAAN

- Ang mga sambahayan ay hinihikayat na dumalo sa mga serbisyo bilang isang yunit ng pamilya, kung saan ang mga bata ay mananatiling kasama ng kanilang mga magulang o guardian sa kabuuan ng serbisyo.
- Ang mga lugar ng pagsamba ay dapat itigil ang mga aktibidad at mga serbisyo para sa mga bata kung saan ang pisikal na pagdidistansya ng hindi bababa sa anim na talampakan ay hindi maaaring mapanatili.
- Kung saan nakikibahagi ang mga bata/kabataan sa mga serbisyong panrelihiyon bilang kanilang Childcare or Youth Extracurricular (CYE, Ekstrakurikular na Aktibidad para sa mga Bata at Kabataan) na Yunit ng Aktibidad, dapat silang manatiling isang matatag na grupo ng 14 o mas kaunti pang kalahok (at hanggang dalawang tagapangasiwang adulto) ng hindi bababa sa 3 linggo. Limit ng dalawang (2) Yunit ng Aktibidad ng CYE sa labas ng sambahayan.